

Sulat ng Pakikilahok sa Espesyal na Pag-aaral ng Relihiyon at Espesyal na Pag-aaral ng Etika

Isang bahagi ng sistema ng pampublikong edukasyon sa NSW ay ang pagkakataon upang magkaroon ng panahon sa silid-aralan na mag-aral ng etika, pananampalataya at moralidad mula sa isang relihiyoso o hindi relihiyosong pananaw ayon sa kagustuhan ng mga magulang/tagapag-alaga.

Ang website ng paaralan (ipinapakita ang weblink sa ibaba) ay nagbibigay ng impormasyon sa mga pagpipiliang ito upang suportahan ang kagustuhan ng magulang/tagapag-alaga.

Web link ng paaralan

Sa anumang oras ay maaaring ipabatid ng isang magulang/tagapag-alaga sa paaralan na gusto nilang baguhin ang kanilang desisyon sa pamamagitan ng isang sulat. Ipagpapatuloy ng mga mag-aaral ang kaparehong kaayusan na katulad sa nakaraang taon, maliban lamang kung ang magulang/tagapag-alaga ay humiling ng pagbabago sa pamamagitan ng pagsulat.

Kung ang iyong ginustong opsyon ng Espesyal na Pag-aaral ng Relihiyon (Special Religious Education (SRE)) o Espesyal na Pag-aaral ng Etika (Special Education in Ethics (SEE)) ay hindi ibinibigay, mangyaring makipag-ugnay sa aprubadong tagapagtustos. Ang mga mag-aaral na hindi pumapasok sa Espesyal na Pag-aaral ng Relihiyon o Espesyal na Pag-aaral ng Etika ay binibigyan ng pinangangasiwaang mga makahulugang alternatibong aktibidad.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Espesyal na Pag-aaral ng Relihiyon at Espesyal na Pag-aaral ng Etika, kabilang ang listahan ng mga aprubadong tagapagtustos pakitingnan: [Relihiyon at etika](#)

Pangalan ng paaralan

Ang mga sumusunod na opsyon ay ibinibigay sa ipinangalanang paaralan sa itaas. Mangyaring pumili ng isang opsyon kung gusto mong pumasok ang iyong anak sa SRE at i-tsek ang kahon na katabi ng iyong pinili.

Mga Opsyon ng SRE (SRE Options)

- Opsyon 1 _____
- Opsyon 2 _____
- Opsyon 3 _____
- Opsyon 4 _____
- Opsyon 5 _____
- Opsyon 6 _____
- Opsyon 7 _____

Paki-tsek ang kahon na ito kung ind imo gustong pumasok ang iyong anak sa SRE.
(Student will not participate in SRE)

Mga Alternatibong Opsyon (Alternative Options)

Kung hindi mo gustong pumasok ang iyong anak sa Espesyal na Pag-aaral ng Relihiyon, mangyaring piliin ang isa sa mga opsyon sa ibaba.

Espesyal na Pag-aaral ng Etika (Special Education in Ethics (SEE))

Mga alternatibong aktibidad na may halaga (Alternative meaningful activities)

Mangyaring kumpletuhin ang impormasyon na nasa ibaba sa Ingles, lagdaan at ibalik ang sulat na ito sa paaralan.

Pangalan ng mag-aaral _____ Taon sa paaralan _____
Student name Year

Lagda ng magulang/
tagapag-alaga _____ Petsa _____
Signature of parent/carer Date

Serbisyo ng Pag-iinterpretar sa Telepono

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon at kailangan mo ng isang interpreter, pakitawagan ang Telephone Interpreter Service sa 131 450 at humiling ng isang interpreter ng inyong wika. Sabihin sa operator ang numero ng telepono na gusto mong matawagan at kukuha ang operator ng isang interpreter sa linya upang tulungan ka sa pakikipag-usap. Hindi ka sisingilin sa serbisyong ito.

Kung pinili mo ang Espesyal na Pag-aaral ng Relihiyon o Espesyal na Pag-aaral ng Etika, kinukumpirma mo na, sa paggawa nito, pinapayagan mo ang pagbibigay ng Departamento sa pangalan ng iyong anak sa piniling aprubadong tagapagtustos. Inatasan ang Departamento na kunin ang iyong pahintulot sa ilalim ng seksyon 26 ng Batas ng Pagkapribado at Proteksyon ng Personal na Impormasyon ng 1998 (NSW) upang hindi na kailangan nitong sumunod sa seksyon 19, na pigilan ang Departamento na ibigay ang pangalan ng iyong anak.